

REPUBLIC ACT NO. 9482 “Anti-Rabies Act of 2007”

BATAS NA KUMOKONTROL AT PUMUPUKSA NG RABIES SA TAO AT HAYOP, MAGTATAKDA NG PARUSA SA MGA LUMALABAG AT MAGLALAN NG PONDO DITO

Ginanaap sa Metro Manila, Lunes, noong ika-19 ng Pebrero, 2007.

Pinagtibay ng Senado at House of Representatives ng Pilipinas sa Kongreso:

Section 1.

Pamagat – Ang batas na ito ay tatawaging “**Anti-Rabies Act of 2007**”.

Sec. 2. Pagpapahayag ng Patakaran. – Tungkulin ng Estado na protektahan ang karapatan ng mga mamamayan sa kalusugan.

Sa huli, ipapakita ang systema ng pagkontrol, pagpigil ng pagkalat ng sakit, at tuluyang pagpuksa ng rabies sa tao at sa hayop, katuwang ang responsableng pag-aalaga sa mga hayop.

Sec. 3. Kahulugan ng mga Termino. – Ang mga sumusunod na salita ay ginamit sa batas na ito:

- (a) Kinagat (Bitten) ay kung saan ginamit ng aso ang kaniyang ngipin upang hawakan ang balat ng tao upang gagasgan o sugatan ito.
- (b) Nakatalagang Opisyal (Concerned Official) ay tumutukoy sa opisyal ng barangay, manggagawa sa kalusugan, pulis o pampublikong beterinaryo.
- (c) Direktang Pamamahala (Direct Supervision) ay ang paglalagay ng beterinaryo sa isang barangay.
- (d) Aso (Dog) ay isang uri ng domestikadong hayop na ginagamit ang kaniyang apat na paa upang maglakad. Ito ay nabibilang sa Order Carnivora, na may scientific name na *Canis familiaris*.
- (e) Euthanasia ay ang pagpatay sa aso o sa ibang hayop ng walang sakit.
- (f) Pag-impound (Impound) ay ang pagkuha at pagkulong nang naaayon sa batas.
- (g) May-ari (Owner) ay ang tao na nagkukupkop at nag-aalaga sa aso.
- (h) Pound ay pampublikong kulungan ng mga ligaw na hayop.
- (i) Pampublikong Lugar (Public Place) ay tumutukoy sa kahit anong bukas na lugar katulad ng parke, malls, palengke, kalsada at kung ano pa.
- (j) Rabies ay isang uri ng malubhang sakit mula sa Lyssavirus, kung saan ito ay nakukuha mula sa kagat ng impektadong aso. Ang mga karaniwang sintomas ay pagkaparalisa ng kalamnan (muscle paralysis), takot sa tubig (hydrophobia) at hangin (aerophobia), at iba pang sakit sa utak.

- (k) Rabies Transmission ay tumutukoy sa pagdaloy o paghawa ng Rabies virus mula sa kagat ng impektadong hayop, o kontaminasyon ng laway na may virus sa sugat o sa mucous membrane tulad ng mata, bibig o ari.
- (l) Rabies Vaccination/Immunoprophylaxis sa mga Tao ay ang pagbibigay sa isang tao ng bakuna sa rabies ng lisensyadong doktor o nurse.
- (m) Rabies Vaccination sa mga Aso ay ang pagbibigay ng bakuna sa rabies ng lisensyadong beterinaryo (pribado o pampubliko) o ng isang tao na may superbisyon ng beterinaryo.
- (n) Post-exposure Treatment (P.E.T) ay ang paggamot sa taong nakagat. Kasama dito ang paggamot sa sugat, at pagbibigay ng bakuna sa rabies.
- (o) Pre-exposure Prophylaxis (P.E.P) ay ang pagbibigay ng bakuna sa rabies bago mahawa ang tao sa sakit, lalo na sa mga mataas tsansa na makakuha ng rabies.
- (p) Asong Gala (Stray Dog) ay aso na wala sa bahay ng kanyang amo at hindi na naaalagaan nito.
- (q) Veterinary or Human Barbiturates ay isang klase ng droga na nagpapabagal ng ating central nervous system.

Sec. 4. National Rabies Prevention and Control Program. – Itinatakda na ang National Rabies Prevention and Control Program ay ipatutupad ng iba't ibang ahensya na pamumunuan ng Bureau of Animal Industry ng Kagawaran ng Agrikultura (Department of Agriculture). Ang programang ito ay para sa pagkontrol at pagpuksa ng rabies sa buong bansa. Kasama sa programa nito ang:

- (1) malawakang bakuna para sa mga aso (mass vaccination);
- (2) pagtataguyod ng pangunahing database (central database system) para sa mga rehistrado at nabakunahan na mga aso;
- (3) pag-impound at pagkontrol ng mga rehistrado, gala at hindi nabakunahan na mga aso;
- (4) pagsasagawa ng kampanya para sa impormasyon at edukasyon tungkol sa pagpigil at pagkontrol ng rabies;
- (5) pagbibigay ng Pre-Exposure Treatment sa mga tao na mataas ang exposure (high-risk personnel) at Post Exposure Treatment para sa mga nakagat ng aso;
- (6) pagbibigay ng libreng Pre-Exposure Prophylaxis (P.E.P) sa mga bata na may edad lima hanggan labing-apat na taon sa mga lugar na may mataas na bilang ng rabies, at edukasyon sa responsableng pag-aalaga ng hayop;
- (7) ang programa ay ipapatupad ng Department of Agriculture (DA), Department of Health (DOH), Department of Interior and Local Government (DILG), at Department of Education (DepEd), kasama rin ang mga Lokal na Pamahalaan (LGUs), Department of Environment and Natural Resources (DENR), Non-Government Organizations (NGOs) at People's Organizations (POs).

Sec. 5. Responsibilidad ng Mag-ari ng Alagang Hayop. – Lahat ng may-ari ang kailangan na:

- (a) Regular na pagbabakuna para sa alagang aso at pagtatago ng rekord o registration card para sa lahat ng bakuna na isinagawa sa aso.
- (b) Pagrerehistro ng kanilang aso.
- (c) Pagkontrol sa alagang aso at pag-iwas na gumala sa kalsada o kahit saang pampublikong lugar na walang tali.
- (d) Pagiging responsableng may-ari katulad ng paglilinis ng alaga, pagbibigay ng tamang pagkain at malinis na tulugan.
- (e) Sa loob ng 24 oras, i-ulat kaagad kapag nakakagat ang aso sa mga nakatalagang opisyal para maimbestigahan at magbigayan ng tamang aksyon at maobserbahan ang asong nakakagat.
- (f) Samahan ang biktima ng kagat ng aso sa malapit na hospital o pagamutan, at akuin ang lahat ng gastusin sa pagamutan at iba pang gastos.

Sec. 6. Responsibilidad ng mga Ahensya ng Gobyerno. – Ang mga ahensya ng gobyerno ay naatasan na:

A. Department of Agriculture

- (1) Pagpapabuti at pag-upgrade ng mga Animal Rabies Laboratories upang makapagsuri at mapabuti ang magandang serbisyo sa mga tao.
- (2) Pagtiyak na may sapat na dami ng bakuna sa rabies sa lahat ng oras.
- (3) Pagsasagawa ng malawakang pagbabakuna sa mga aso lalo na sa mahihirap na lugar.
- (4) Pagpapanatili at pagpapabuti ng pagbabantay ng mga kaso ng rabies sa mga hayop (Animal Rabies Surveillance System).
- (5) Pagpapatatag ng mga lugar na walang rabies, sa tulong ng lokal na pamahalaan.
- (6) Pag-apruba sa paggamit ng mga Veterinary at Human Barbiturate drugs at Veterinary Euthanasia Drugs sa DOH at Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA).
- (7) Pagpapatibay ng pagsasanay ng mga field personnel at ng Information Education and Communication Activities (IEC) para sa pagkontrol at pagpuksa ng rabies, at responsableng pag-aalaga ng aso.
- (8) Pagsasagawa ng mga pananaliksik sa rabies at kung paano makokontrol ito.
- (9) Paggawa ng mga pamantayan para sa epektibong pagpapatupad ng batas.
- (10) Paghikayat na magkaroon ng mga programa ang DOH, DepEd, DILG, DENR, NGOs, POs at iba pang ahensya.

B. Department of Health

- (1) Pagtiyak na mayroong sapat na suplay ng DOH pre-qualified Human Anti-Rabies Vaccine sa mga Animal Bite Treatment Centers sa lahat ng oras at makipagtulungan sa iba pang ahensya at NGO para sa layuning ito.
- (2) Pagbibigay ng Post-Exposure Treatment ng murang halaga sa mga indibidwal na nakagat ng aso, kasama na ang inisyal na bakuna at immunoglobulin.

- (3) Pagbibigay ng Pre-Exposure Treatment sa mga tao na mataas ang tsansa na makakuha ng rabies, katulad ng mga empleyado sa laboratoryo, mga beterinaryo, mga kumakalinga sa mga hayop, mga nagbibigay ng bakuna at iba pa, ng libre.
- (4) Pakikipag-ugnayan sa DA upang bumuo ng naaangkop na stratehiya para sa edukasyon ng publiko ukol sa pagpigil at pagkontrol ng rabies, at ng responsableng pag-aalaga ng hayop.
- (5) Pagbuo ng systema ng pag-uulat ng rabies sa tao (Human Rabies Surveillance System).
- (6) Paghikayat na magkaroon ng mga programa ang DOH, DepEd, DILG, DENR, NGOs, POs at iba pang ahensya.
- (7) Pag-apruba sa paggamit ng mga Veterinary at Human Barbiturate drugs at Veterinary Euthanasia Drugs sa PDEA.

C. Department of Education

- (1) Pagpapatibay ng mga programa tungkol sa rabies at pagsama nito sa pagtuturo.
- (2) Pagtulong sa kampanya ng malawakang Dog Immunization sa komunidad.
- (3) Paghikayat na magkaroon ng mga programa ang DOH, DepEd, DILG, DENR, NGOs, POs at iba pang ahensya.
- (4) Pagturo sa tama at responsableng pag-aalaga ng hayop sa elementarya at hayskul.

Sec. 7. Responsibilidad ng Lokal na Pamahalaan. – Ang lokal na pamahalaan ang:

- (1) Pagtiyak na lahat ng aso ay may bakuna, rehistrado at mayroong Dog Tag.
- (2) Pagpapatupad ng Dog Impounding sa mga galang aso.
- (3) Pagtiyak na nakatali o nakakulong ang mga aso sa loob ng bahay ng may-ari.
- (4) Paglaan ng pondo para sa pagpapatupad ng National Rabies Prevention and Control Program, lalo na sa mga suplay at mga bakuna na kinakailangan.
- (5) Pagpapatupad ng Section 6 ng Republic Act No. 8485 o “The Animal Welfare Act of 1998.”
- (6) Pagsasagawa ng lokal na ordinansa na sumusuporta sa National Rabies Prevention and Control Program, kasama na ang regulasyon ng pangagamot gamit ang “tandok.”
- (7) Pagbawal ng pagbebenta ng karne ng aso.
- (8) Pagpapatayo ng Dog Pound kung saan lahat ng na-impound na aso ay ilalagay, alinsunod sa Section 9 kung saan: Ang ibang munisipyo ay kailangan magkaroon ng Dog Pound, o di kaya ay magtayo ng Dog Pound katulong ang ibang munisipyo o pribadong animal shelter and control facilities.
- (9) Pagbawal na gamitin ang kuryente sa pag-euthanize.
- (10) Pagtalaga ng beterinaryo at magkaroong Veterinary Office sa lahat ng probinsya, siyudad at munisipyo.
- (11) Pagpaskil ng mga impormasyon sa mga pet shops tungkol sa rabies at responsableng pag-aalaga ng hayop.

(12) Para mapagtibay ang batas na ito, ang lokal na pamahalaan ay magpapataw ng multa sa mga lumabag ayon sa Section 11 subparagraphs (1), (3), (4), (5) at (6).

Ang lahat ng makokolektang multa ay gagamitin upang mapalawig ang National Rabies Prevention and Control Program sa nasasakupan ng lokal na pamahalaan.

Ang DILG ang mangagasiwa na natutupad ng mga lokal na pamahalaan ang mga responsibilidad nito.

Sec. 8. Pagtulong ng mga NGOs at ng Academe. – Ang mga ahensya na naatasan upang magpatupad ng mga programa ng anti-rabies ay maaaring manghingi ng tulong at partisipasyon ng mga NGOs sa mga:

- (1) Programa ng komunidad (Community Mobilization);
- (2) Pagpapakalat ng impormasyon tungkol sa rabies at responsableng pag-aalaga ng hayop.
- (3) Malawakang kampanya sa anti-rabies.
- (4) Pagsulong ng kampanya sa anti-rabies sa mga pet at animal shows.
- (5) Pag-uulat ng mga kaso ng rabies sa tao at sa hayop.
- (6) Iba pang programa ng pagpigil at pagpuksa ng rabies.

Sec. 9. Pag-impound ng mga Hindi Rehistrado, Gala at Hindi Nabakunahan na mga Aso. – Ang mga hindi rehistrado, gala o hindi nabakunahan na aso ay iimpound batay sa mga panuntunan:

- (1) Ang mga hindi rehistrado, gala o hindi nabakunahan na aso ay ilalagay sa mga nakatakdang Dog Pound.
- (2) Ang mga na-impound na aso na hindi kinuha sa loob ng tatlong (3) araw ay ipapa-amon ng mga kwalipikadong tao, sa tulong ng animal welfare NGO, o kung hindi ay i-euthanize batay sa probisyon ng Republic Act No. 8485 o “Animal Welfare Act of 1998.”
- (3) May karampatang multa na babayaran ang may-ari ng na-impound na aso batay sa Section 7.

Sec. 10. Pagkontrol sa Populasyon ng mga Aso. – Para sa tuluyan na pagpuksa ng rabies, kailangan na makontrol ang populasyon ng mga aso at mapa-unti ang bilang ng mga galang aso. Dahil dito, ipinapatupad na:

- (1) Ang DA, DOH, DILG, DepEd, LGUs, NGOs at POs na magsagawa ng kampanya tungkol sa responsableng pag-aalaga ng hayop, kasama na ang pag-kapon sa mga aso.
- (2) Bibigyan ng insentibo ng lokal na pamahalaan ang mga may-ari ng aso na pinakapon ang kanilang alaga, katulad ng libre o may diskwento sa bayad sa pagpaparehistro.

- (3) Ang mga aso na ma-iimpound ng tatlong beses ay ibabalik lamang sa kanilang may-ari pagkatapos na makapon (ang may-ari ang magbabayad sa kapon).

Sec. 11. Multa.

- (1) Ang mga may-ari na hindi pinarehistro o pinabakunahan ang kanilang alaga ay pagbabayaran ng Dalawang libong piso (₱ 2,000.00).
- (2) Ang mga may-ari na tumanggi na pabakunahan ang kanilang alaga ay pagbabayaran sa bakuna na kanilang alaga at sa mga makakagat ng kanilang alagang aso.
- (3) Ang mga may-ari na tumanggi na pa-obserbahan ang kanilang aso matapos na makakagat ay papatawan ng Sampung libong piso (₱ 10,000.00) na multa.
- (4) Ang mga may-ari na tumanggi na pa-obserbahan ang kanilang aso matapos na makakagat at hindi binayaran ang gastusing medikal ng nakagat ng kanilang aso ay papatawan ng Dalawampu't limang libong piso (₱ 25,000.00) na multa.
- (5) Ang mga may-ari na tumanggi lagyan ng tali o leash ang kanilang aso habang nasa labas ay papatawan ng Limang daang piso (₱ 500.00) na multa sa bawat paglabag.
- (6) Ang na-impound na aso sa ibibigay lamang sa kanyang mar-ari matapos magbayad ng multa na Limang daang piso (₱ 500.00) hanggang Isang Libong Piso (₱ 1,000.00).
- (7) Ang mahuhuli at mapapatunayan na nagbebenta ng karne ng aso ay pagbabayaran ng hindi bababa sa Limang Libong Piso (₱ 5,000.00) at makukulong ng isa hanggan apat na taon.
- (8) Ang mahuhuli at mapapatunayan na kinukuryente ang aso bilang euthanasia ay pagbabayaran ng hindi bababa sa Limang Libong Piso (₱ 5,000.00) bawat insidente at makukulong ng isa hanggan apat na taon.
- (9) Kapag ang lumabag sa batas ay dayuhan, siya ay papabalikin sa kanyang bansa pagkatapos ng kaniyang parusa.

Sec. 12. Mga Ipatutupad na Batas at Panuntunan. – Ang DA, kasama ang DOH, DILG, DepEd, DENR, NGOs at POs ang magtatakda ng mga naaayon na batas at panuntunan sa loob ng Animnapung (60) araw mula sa epektibo ng batas na ito.

Sec. 13. Pondo. – Isang milyong piso (₱ 1,000,000.00) ang ilalaan upang mapatupad ang batas na ito namanggagaling sa pondo ng DOH, DA, DILG at DepEd ayon sa General Appropriations Act. Para sa lokal na pamahalaan, ang pondo ay manggagaling sa kanilang Internal Revenue Allotment at sa iba pang lokal na pondo. Ang makakalap na pondo ay gagamitin para sa pagpapatupad ng batas na ito.

Sec. 14. Separability Clause. – Kung sa anumang kadahilanan, ang anumang bahagi o pagkakaloob ng batas na ito ay ipinahayag na hindi wasto, ang anumang bahagi o probisyon na hindi apektado ay mananatili ang buong lakas at epekto.

Sec. 15. Epekto – Ang batas na ito ay epektibo ng labing limang (15) araw pagkatapos mailathala sa Official Gazette o kahit sa dalawang (2) pahayagan, alinman ang mauna.

Approved:

(Sgd.) MANNY VILLAR
President of the Senate

(Sgd.) JOSE DE VENEZIA, JR.
Speaker of the House of Representatives

Ang batas na ito ay ang pinagsamang Senate Bill No. 2541 at House Bill 4654 na pinasa sa Senado at House of Representatives noong Pebrero 7, 2007 at Pebrero 20, 2007.

(Sgd.) OSCAR G. YABES
Secretary of the Senate

(Sgd.) ROBERTO P. NAZARENO
Secretary General
House of Representatives

Approved: May 25, 2007

(Sgd.) GLORIA MACAPAGAL-ARROYO
President of the Philippines

Isinalin sa Filipino ni Jera Verdejo